# Landscape na Hardinero

Isang uri ng trabaho na nagdi-disenyo at lumilikha ng pribado at pampublikong hardin at nag-aalaga ng halaman at bulaklak sa mga luntiang espasyo at sa lansangan.



## Gawain ng landscape na hardinero

### Benepisyo ng pagiging landscape na hardinero

Mararamdaman mo ang makulay na pagpapalit ng panahon at mga kaganapan sa kapaligiran sa pamamagitan ng pag-aalaga ng halaman at bulaklak.
Napalaking tagumpay na makita ang pag-unlad ng sariling likha dahil nangangailangan ng pag-aalaga ang mga hardin at liwasan ng mahabang panahon.

### Mga taong angkop na maging hardinero

Mga taong mahilig sa kalikasan tulad ng puno at halaman at mga mahilig gumawa ng pisikal na gawain sa labas.
Mga taong mahilig sa pag-disensyo tulad ng pagsasama ng iba't ibang bulaklak at paagsasaayos nito sa hardin.

### Paano maging isang landscape na hardinero

Hindi mahalaga ang mataas na pinag-aralan. Makakakuha ng kinakailangang kwalipikasyon sa pamamagitan ng pag-aaral ng tradisyonal na paglikha ng hardin habang nagtratrabaho. Makukuha sa pagtratrabaho ang teknikal na kakayahan at kaalaman.

① Magtrabaho sa kumpanya ng landscaping.
② Magsanay sa ilalim ng isang dalubhasang landscape na hardinero.



Istilong Hapon na hardin na gumagamit ng kaibahan ng mataas at mababa.



Makulay na istilong kanluranin na hardin

## Panayam kay Ginoong Kōichi Shimura, Punong Tagapangasiwa ng Ippanshadanhōjin Shizuoka-ken Zōenryokka-kyōkai

Interview



### Kailangan ba ang pisikal na lakas?

Kailangan ang pisikal na lakas para gawin ang manwal na trabaho pero may mga babaeng hardinero din. May mga pagbabago na sa paraan ng trabaho tulad ng paggamit ng mga makinarya at drone.

### Maaari bang makapagtrabaho kahit walang sertipikasyon?

Hindi agad kailangan ang sertipikasyon kapag nagsisimula pa lamang sa trabaho. Kapag nakakalap na ng karanasan, maaari ng kumuha ng sertipikasyon bilang "Setipikadong hardinero", "Tagapamahala sa paggawa ng hardin" o "Espesyalista sa pag-aalaga ng puno".

### Ano ba ang maaari kong gawin sa ngayon?

Kung mahilig ka sa kalikasan, alamin mo ang mga halaman at puno sa iyong paligid at bumisita sa mga "tanyag na hardin" o "mga lugar na may magandang tanawin".
Siguradong lalakas ang iyong interes sa mga halaman.

**Message**

Ang sertipikidong hardinero ay hindi lamang lumilikha ng mga hardin sa mga pribadong tahanan kundi marami ring trabaho ang may kinalaman sa pampublikong liwasan. Ito rin ay trabaho na may kinalaman sa pag-aalaga ng kalikasan at paglikha ng magandang tanawin sa lokal na lugar. Isa itong tunay na mahalagang trabaho sapagkat ito ay may kinalaman sa pangangalaga sa ating kalikasan. Umaasa kami na ang mga dayuhang residente ay makakapagbigay ng panibagong pananaw.

Kapag interesado sa trabahong ito

Telepono

Ippanshadanhōjin Shizuoka-ken Zōenryokka-kyōkai

Tel 054-253-0586